

## 1



"**F**\*ck!" mura ni Maxwell nang muntikan nang matapon sa kanyang dibdib ang malamig na kapeng iniinom niya.

Ibinalik niya ang lata ng kape sa cup holder sa gilid ng kanyang upuan, at namimigat ang mga talukap ng mata na itinuon ang atensyon sa harapan ng sasakyan.

Parang naririnig pa niya ang tatay niya na sinisermonan siya, "*Wag kasing kung anu-ano ang ginagawa habang nagmamaneho!*"

Ngumisi siya at umiling sa sarili. "Yes, Pops."

He yawned and rubbed the back of his neck.

The old man could still smack him upside the head when the need arose. Kahit ngayong pansamantalang nakaratay sa kama ang ama dahil sa pagkabali ng isang binti nito, sigurado siyang kaya pa rin siyang sabunin ng matanda hanggang sa matanggal ang lahat ng libag niya sa katawan.

He chuckled at the lame metaphor and shook his head at the mental image it conjured. That was just gross.

Naghikab ulit siya at sandaling kinusot ang mga mata. Matatayog ang puno at halaman sa paligid papunta sa kanilang rancho, at malamig ang hanging pumapasok

sa nakabukas na bintana ng kanyang SUV. Sumisilip ang ginintuang sinag ng panghapong araw sa mga sanga at dahon ng mga puno, lumilikha ng mga anino at liwanag sa malubak na kalsada. Lalo tuloy siyang inantok. Halos anim na oras na siyang nagmamaneho at hindi na kayang labanan ng malamig na kape ang kanyang paghikab at pagod. Sandali niyang sinabunutan ang buhok para magising siya nang kaunti.

Nag-ring ang kanyang cell phone at nilagay niya iyon sa speaker phone. “Dylan,” bati niya.

“Hey, bro, s’an ka na?”

“Na-stranded ako sa Tarlac, baka bukas pa ’ko makarating.”

“What?” bulalas ng kapatid.

Tumawa siya at minaniobra ang sasakyan para lumiko sa kanto ng malubak na kalsada. Pagkaliko, tanaw na niya ang maliit na burol kung saan nakatayo ang kanilang bungalow.

His smile was warm. *Home sweet home.*

“Malapit na ’ko, how’s Papa?”

“That’s not funny, Kuya,” himutok ng nakababatang kapatid, “akala ko kailangan kitang sunduin sa Tarlac. Papa’s okay, just a bit cranky, alam mo namang hindi sanay nang nakahiga lang.”

Tumango si Maxwell at muling naghikab. Like him, his father had always been a very physical man. Kaya kahit mahigit sienta na, aktibo pa rin ito sa mga gawain sa bukid at rancho.

*And look where it got the old fart,* he thought with a wide

grin. Nahulog tuloy sa kabayo.

Nang malaman niya ang tungkol sa aksidente ng ama dalawang linggo na ang nakakaraan, iniwan ni Maxwell ang lahat sa Maynila at halos lumipad pabalik ng Pangasinan. His father was okay except for the broken leg. But the cranky bull was already old. Bull or not, old was old. So after settling everything in Manila, here he was, two weeks later, hauling his ass back to the ranch to be with his family.

“Andito na ’ko,” amin niya, “papaliko na ’ko sa puno ng acacia. I’ll be there in—sh\*t!”

May dambuhalang asong sumulpot sa gilid ng malaking puno at tumawid ng kalsada. Mabilis niyang nakabig ang manibela sa kanan, maagap na nakaiwas at...

“Motherf\*ckingshit!” muli niyang singhal.

Isang babae ang sumulpot sa pinanggalingan ng aso at humahangos na tumawid din ng daan. Agad niyang tinapakan ang preno at rinig niya ang pag-ingit ng mga gulong sa mabatong daan.

Pakiramdam ni Maxwell ay nakalog ang kanyang utak sa rahas ng paghinto ng SUV. Mausok ang tanawin sa labas ng windshield dahil sa nagambalang buhangin mula sa lupa, pero aninag niya ang isang bultong nakasalampak sa dirt road.

“Hey, ano ’yon?” naalarmang untag ni Dylan.

Pinatay niya ang makina ng sasakyan. Hindi niya naramdamang bumangga ang katawan ng babae sa SUV, so he hoped to hell his god-like reflexes had saved him from running over someone. “Dylan, mamaya na ulit. May nasagasaan ’ata ako.”

“What! That’s not funny! ’Asan ka—”

“Later.”

He killed the call and practically ripped the safety belt off his body, then scrambled out of his car. His years in the military helped, and he was able to compose himself and shoved worry at the back of his mind as he ran toward the woman.

“Miss, are you okay?” Pahangos siyang lumuhod sa tabi nito.

Nakasambulat ang mahaba nitong buhok sa mukha habang pilit inuupo ang sarili. He didn’t see blood anywhere—which was a good sign—pero maaaring nabalian ng buto ang babae.

“Don’t move,” mabigat niyang utos. Hinalughog niya ng tingin ang suot nitong dilaw na bestida, at nakahinga ulit nang maluwag nang wala ring nakitang dugo roon. “Let’s get you to a doctor. I’m sorry, I didn’t mean—”

“You didn’t mean to run me over?” the woman growled.

Hinawi ng babae ang buhok mula sa mukha, at inangat ang nagbabagang titig sa kanya.

Binuka ni Maxwell ang bibig pero isinara rin agad. Nakalimutan niya yata kung paano magsalita.

The woman was gorgeous. She had large rounded eyes that would have looked innocent and sweet in another woman’s face, but with undiluted hatred flickering in her dark gaze that was nothing short of murderous, her sweet-looking eyes turned into something more vivid and raw.

Hot, sultry, f\*cking sexy.

Yeah, hindi iyon ang tamang oras para mapansin niya

iyon. But he's a guy. Sue him.

Hindi niya mapigilang titigan ito. Thick black lashes accentuated her chocolate brown eyes, and they looked darker against her porcelain-smooth skin. She had a cute slender nose, rosy lips, and pouty mouth, high cheekbones and a delicate jaw line. Long, curly dark brown hair cascaded around her slim shoulders, framing her heart-shaped face.

F\*cking angelic.

But she opened her mouth again and the angelic beauty morphed into a pissed off she-devil.

“Ang bilis mo kasing magpatakbo!” singhal ng babae.

Sinuntok siya nito sa balikat, at nagulat siya nang muntikan siyang mapasalampak sa lupa sa lakas niyon. The wicked angel had serious punching power, too.

“Ano'ng akala mo sa kalsada rito? A race track? Hello! It's a f\*cking dirt road, moron! See the trees? See the grass? See the uneven road? Nasa probinsya ka! You could have f\*cking killed me!” Itinulak siya ng estranghera at pinilit tumayo.

“Hey, hey, hey!” Nahimasmasan si Maxwell sa pagkagulat sa alindog ng *Halimaw sa Banga*—este, ng kaharap, at pilit hinagip ang balikat nito. “Don't move, you could have broken something. Let's get you to a—”

“I'm fine, no thanks to you! Hindi ka kasi tumitingin sa dinadaan mo habang nagmamaneho ka. Next time, use your f\*cking eyes, will you? Paano ka nabigyan ng driving license eh mukhang wala kang common sense? Get off me!”

What the f\*ck?

Binitawan niya ito nang itinulak siya nito. “Alis!” singhal

ng dalaga at pilit uling tumayo.

“Yeah, sure,” matigas niyang sagot at tumayo na rin.

The woman was batshit crazy. Nakuha ni Maxwell na galit ito dahil sa aksidente, pero itong level ng galit? It was f\*cking ridiculous.

“What are you staring at?” singhal pa ng babae. “Did you forget your brain somewhere? Or maybe you never really had one? Figures. Maybe you need a brain transplant. But then again, baka i-reject ka ng brain. Too bad there’s no vaccine against stupidity! Let’s hope to God you don’t kill anyone!”

Aww, wasn’t she sweet? The girl needed to see a therapist. Malamig siyang ngumiti.

“Oh yeah?” balik-asik ni Maxwell na nag-init na rin ang ulo. “You, too. Try not to kill yourself, okay? Because I hate to blow your bubble, sugar, but you’re the one who just appeared out of nowhere. Maybe *you* should have looked at where *you* were going.”

“At ako pa ang may kasalanan?” She placed her hands on her hips, and looked down her nose at him.

Paano nito nagawang titigan siya na para bang mas maliit siya rito ay wala siyang ideya. The woman barely reached his shoulders.

“Wow, pasensya na at muntikan mo akong masagasaan, ha? Talk about blaming the victim. Are you mentally impaired? You’re definitely a rare specie. Isa kang pruweba na p’wedeng maging paurong ang evolution. You’re a devolution! From thinking man to no-brain man! Please don’t procreate for the sake of humanity. Learn from your

parents' mistake, use birth control! Get out of my way, you good-for-nothing moron! Marie!"

Sumulpot ang aso mula sa kabilang bahagi ng kalsada at tumatahol na tumakbo palapit sa kanila.

Lumuhod ang babae para yakapin ang kulay brown at puting St. Bernard na para bang gustong palabasin na hazardous siya sa aso. Baliw. Hell, puwedeng nasaktan din siya sa aksidente dahil sa biglang pagtawid ng alaga nito.

"You could have hurt Marie, too!" sikmat ng estranghera.

Tumahol ang tinawag na 'Marie' at gaya ng amo nito, mukhang gusto rin siyang lapain.

No surprise there. *Like master, like dog.*

Snarling, he stepped back and raised his palms. "Calm your f\*cking dog down. 'Yang aso mo ang biglang sumulpot sa daan. Mukhang hindi mo naturuan nang tama' yan. Be sure to handle your dog properly, or next time, both of you might end up as road kill."

"What did you say?" Tumayo ang babae at halos iduldol ang mukha sa kanya.

Hindi madaling gawin iyon. Mukhang wala pang five feet and five inches ang babae, at halos six feet and one inch ang tangkad ni Maxwell. But the woman had the ability to make herself look taller.

"I said you should learn how to control your dog," he spat, glaring at her wide brown eyes. "If you can't, do the world a favor and don't let him out of your house. It's a f\*cking simple courtesy. That's simple Dog Training 101."

"Oh really?" she sneered. "Or maybe you shouldn't talk

on the phone while driving?”

He opened his mouth to retort, but he promptly shut up.

Lalong tumalas ang ngiti ng dalaga.

F\*ck. Paano nito nakitang nakikipag-usap siya sa telepono kanina?

“You piece of shit! It’s simple Driving 101. Don’t drive while talking on the phone!”

Nagtagis ang kanyang mga ngipin. Goddamn it. How the hell did she see that? And he was not guilty, for f\*ck’s sake! Hindi lang siya ang may kasalanan. Right?

Motherf\*cker.

He glared at her and imagined strangling her.

Damn it. He needed a f\*cking lawyer.

Narinig niya ang ugong ng paparating na sasakyan at inis niyang ibinaling ang titig doon.

*Range Rover* iyon ng kanyang kapatid, at natanaw niyang si Dylan nga ang nagmamaneho ng four-wheel drive.

“Out of my way!” Itinulak siya ng babae paalis sa daanan nito.

“My pleasure,” pakli ni Maxwell. “Keep your dog on a leash. Or get a smaller one so you can control it. Hope you have a f\*cking nice day.”

Itinaas nito ang gitnang daliri habang padabog na pumasok sa bukana ng gubat.

“Back at you, sugar.”

“Don’t call me sugar!”

“Kuya!” tawag ni Dylan habang nagmamadali itong lumabas ng sasakyan. “What happened, are you okay? ’Asan’yung nasagasaan mo?”



Hinalughog nito ng tingin ang paligid at natanaw ang babae sa mga puno.

“Is that Kelly?” untag ng kapatid.

Lumipad pabalik kay Dylan ang kanyang tingin.

“What?”

“Nasagasaan mo si Kelly?”

“Who the hell is Kelly? You know her?”

Nag-aalala at naguguluhang napabaling sa kanya ang tingin ni Dylan. “Of course I know her. Nasagasaan mo siya? Is she okay? Let’s get her to a hospital!”

“No, she’s not okay. She probably hit her head and now it’s not working properly. You should get that checked!” sagot niya, pasigaw para marinig ng babae.

She whirled around, her curly hair wild, her eyes vivid, her porcelain skin flushed. “I would say the same to you! Kaya lang kapag tiningnan ng mga doktor ang ulo mo, wala silang makikita!” Marahas itong tumalikod at padabog na tumakbo palayo.

“What the f\*ck is her problem?” he spat.

“What the hell is that?” natatawang untag ni Dylan.

Inis niyang binalingan ang kapatid. “You know her? Who the f\*ck is she?”

“That’s Kelly, bro!”

“Who the hell is Kelly?”

Natatawang umiling ang kapatid at napahawak sa batok. Nagtaas ito ng tingin sa kanya na para bang ilang kilo ng semento ang natanggal sa mga balikat nito. “Whew. At least mukhang wala ka namang nasagasaan. Pinakaba mo ’ko r’on. Akala ko kailangan nating pumunta sa presinto. That’s

Kelly Aragon, anak nina Prof. Aragon at Mrs. Luisa d'yan sa kabilang lupa. You don't remember her?"

Matalim niyang pinukol ulit ng titig ang direksyon na tinahak ng babae. Tanaw pa rin niya ang matinkad na dilaw nitong bestida, at sa kabila ng lahat ay hindi niya napigilang mapansin ang mahubog na hulma ng katawan nito.

Kelly Aragon? Anak nina Prof. Aragon at Mrs. Luisa Aragon? Isa lang ang alam ni Maxwell na anak ng mga ito. At iyon ay si...

Napaawang ang kanyang mga labi, at napaigkas ang ulo na para bang sinuntok siya sa panga.

"Kelly?" bulalas niya. "Si Kelly?"

"Yup, the one and only, thank God." Natatawang umiling si Dylan. "Mabuti na lang at nag-iisa lang siya sa mundo. The poor world wouldn't survive another Kelly Aragon."

Baka pasukan na ng langaw ang bibig niya sa kanyang pagnganga. What. The. Hell?

Kelly *f\*cking* Aragon? Iyong uhuging bata na mukhang gusto siyang ipakulam magmula pa noong labintatlong taong gulang siya?

Naalala pa ni Maxwell noong una niya itong nakita. Kalilipat lang nila noon dito sa rancho, at ipinakilala sila ng ama sa kanilang mga kapitbahay.

Seven-year-old Kelly took one look at him, spat at his shoes and threw her colorful marbles at his face.

Cute kid.

"That's Kelly?" gulat pa rin niyang untag, hindi maialis sa isipan ang marungis na batang babae. "Smelly

Kelly? 'Yung hindi naligo nang dalawang linggo dahil nagprotesta siya sa pagputol ng puno sa elementary school niya?"

A boyish grin spread across his brother's face. He and Dylan looked a lot like their father. Same dark hair, same hazel eyes, same strong nose and angular face. Pero mas pretty boy ang kapatid niya. Probably because he got his nose broken when he was fifteen in a friendly boxing game, and he had a scar in his brow near his eyes from an encounter with the *NPA*.

"Siya nga," nakangising sagot ng kausap. "Pero matagal na siyang hindi smelly. I think she had a crush on you when we were younger."

Napaatras si Maxwell na para bang nakakita siya ng masamang espiritu. "Are you f\*cking with me?" singhal niya, nanindig ang mga balahibo. "If you want to scare the shit out of me, congratulations, you succeeded. Magkaibang universe ba ang pinanggalingan natin? Freaking Smelly Kelly? That girl wanted me dead! Naalala ko n'ung eight siya, nakita ko siyang nadapa sa playground. Tinulungan ko siyang tumayo, pero alam mo ba'ng ginawa ng magaling na batang 'yon? Kinagat 'yung kamay ko! Naalala mo parang lagari 'yung front teeth niya noon, di ba? That f\*cking hurt. Tingnan mo, may peklat pa nga, o!"

Pinakita niya sa kapatid ang kaliwang kamay na kinagat ni Kelly noong labing-apat na taong gulang siya. Hindi iyon simpleng kagat. Dumugo talaga iyon at muntikan pang tahiin dahil sa lalim. Hanggang ngayon ay bakas pa roon ang marka ng matutulis nitong ngipin.

“Then one time I caught her following me in the beach,” patuloy ni Maxwell, tumataas ang boses dahil sa mga alaala ng batang babaeng minsang naging prime star ng kanyang mga bangungot. “The f\*cker was ten or nine. May k’wintas siyang bawang at kung anu-anong beads sa leeg saka may dala-dalang manika. A f\*cking rag doll, Dylan. A *voodoo* doll. Bumubulong-bulong siya, inoorsasyonan ’yung manika. May dala siyang karayom tapos tinutusok-tusok niya ’yun. May nakalagay na pangalan doon sa damit ng manika. Alam mo kung ano’ng pangalan? Alam mo kung ano’ng nakatahi doon sa damit ng manikang tinutusok-tusok niya ng karayom? She named it Maxwell!”

Malakas na tumawa si Dylan. “God, that was epic! She really did that?”

“Yeah, laugh,” pakli niya. “I’ll get a rag doll and stab it with needles and name it Dylan.”

Tumatawang umayos ng tayo ang kapatid. “I think she really likes you.”

“F\*ck you. Get me a priest. Baka kung anong sumpa ang nilagay n’on sa ’kin.”

Marahas siyang bumuga ng hangin at muling nilingon ang pinuntahan ng babae. Pero hindi na niya tanaw si Kelly o ang higanteng aso nito.

F\*ck. That was Kelly?

Shit. Kailangan niya yata talagang humanap ng pari.

“Hindi mo siya nakilala?” Sa wakas ay nagawa nang tumigil sa pagtawa ng kapatid niya. “Hindi mo ba siya nakikita n’ung umuuwi ka rito?”

“No,” sagot ni Maxwell at wala sa sariling kinapa-kapa

ang katawan. Damn it, baka mamaya may sinaboy ang babaeng iyon sa kanya nang hindi niya namalayan. “I think the last I saw her was when she was fifteen.”

“I guess that only shows how little you’ve been around.”

Natigilan siya sa sinabi ni Dylan, at napalinging dito.

Seryoso na ang mukha ng kapatid, at may bahid ng anino ang mga mata. Ang isang mabigat na buhol na laging nasa kanyang sikmura ay humigpit habang nakatitig sa malamlam na titig ng nakababatang kapatid. Pero sa huli ay maliit itong ngumiti.

“I’m sorry, don’t mind me,” bawi nito, pero naroon pa rin ang himig ng tampo sa mababang tono. “Lika na, hinihintay na tayo ni Papa.”

Naglakad ang lalaki pabalik sa sasakyan, at hindi niya napigilang ibaling ang tingin sa kanang binti ni Dylan.

Walang makakahalata na may knee implant ito na gawa sa bakal. The surgery and the succeeding therapy had been successful in rehabilitating his brother’s knee and leg. Pero kapag napapagod ito sa sobrang physical activity, o kaya kapag umuulan at malamig, alam niyang sumasakit iyon.

Tumiim-labi siya at sandaling pumikit. No need to get all wound up now. Wala iyong maitutulong kahit kanino.

Bumuga si Maxwell ng hangin at bumalik sa kanyang sasakyan. Pero kahit ano ang gawin niya, nanatiling mabigat at mapait ang buhol sa kanyang sikmura.

This time, his smile was a little strained.

Yeah. Home sweet home.